Patnubay sa ligtas na mga hakbang sa bakasyon sa tag-init bilang paghahanda para sa Covid-19

☐ Buod

○ Imungkahi na hatiin sa dalawang beses ang pagbakasyon sa tag-init para sa pamilya o para sa mga maliliit na pangkat upang maiwasan ang peak season sa katapusan ng Hulyo at unang linggo ng Agosto.

☐ Hakbang

○ **Paghati-hatiin ang lugar at oras ng bakasyon**

-Imungkahi na pahabain ang panahon ng bakasyon para sa mga establisyemento na may 100 o mahigit pa na mga empleyado ng 2 linggo at hatiin ang mga ito mula sa ika-3 linggo ng Hunyo hanggang sa ika-3 linggo ng Setyembre.

∗ Hilingin na ang paggamit sa araw ng bakasyon sa sinasabing araw ay hindi lalagpas ng 13%.

- Ipagbigay alam na maaring tataas sa level 5 ang kasikipan ng mga pangunahing lugar ng turismo at resort.

∗ Ipabigay alam ang website ng Organisasyon sa Turismo ng Korea 'Bawat Sulok ng Korea': sentrong lugar sa panlabas na kung saan ay ligtas at angkop na destinasyon para sa paglalakbay ng pamilya, bawat klima ay may 25 na lugar at may kabuuang 100 na lugar.

- Ituon ang pansin sa pagbibigay ng mga impormasyon tungkol sa mahusay na paglalakbay na maaring puntahan kasama ang pamilya upang mahati-hati ang pagbakasyon tulad ng paglalakad-lakbay, forest healing, at iba pang mga lugar na maaring mapagkukunan ng turismo.

○ **Maghanda ng mga panuntunan(prevention rules) na angkop para sa mga katangian ng mga pangunahing lugar ng turismo.**

- Beaches: Pagpapatupad na palawakin ang sistema ng reserbasyon (13→ 50)

·Lahat na sitwasyon tungkol sa kasikipan ng mga beaches ay ipaalam ito sa pamamagitan ng ilaw ng trapiko, obserbahan ng maayos ang mga ibinigay na espasyo sa buhanginan kung saan may maraming mga taong gumagamit, panatilihin ang distansiya ng mga parasol.

- Mga pasilidad ng libangan tulad ng mga water park: Limitahan ang bilang ng mga tao sa paggamit ng silid-bihisan at iba pa sa tiyak na bilang
- Ang mga pagpapareserba para sa tuluyan ay dapat limitahan hanggang 4 na tao, 8 tao para sa magkapamilya.

○ **Maghanda ng mga pasilidad upang sa panahong nasa bakasyon sa kaso na maghihinalang may mga sintomas ng Covid-19 makapagpakonsulta kaagad.**

- Ipaalam ang oras ng pagbubukas, lokasyon ng mga klinika sa pagsusuri at mga temporaryong laboratoryo sa pagsusuri at iba pa;
- Karagdagang paglagay ng mga pansamantalang movable na mga screening clinics sa mga lugar ng turismo at bakasyunan, maglalagay ng mga self-examination kit sa mga karatig na parmasya, convenience store at iba.

<Isinalin sa Danuri Call Center 1577-1366>

< Detalyadong mga hakbang ng bawat pasilidad tungkol sa pag-iwas laban sa pandemya>

Uri ng mga Pasilidad	Detalyadong mga hakbang ng bawat pasilidad
1. Lugar ng bakasyunan, pasilidad ng bakasyunan at iba pa	
①Beaches	·Impormasyon sa aktwal na sitwasyon ng kasikipan sa lahat ng beach sa buong bansa (sistema ng ilaw ng trapiko sa kasikipan) ; siksikan(pula), nababahala (dilaw), katamtaman(asul) · Maglagay ng sticker ng temperatura sa katawan, I-tsek ang temperatura , magsuot ng safety wristband · Ipatupad ang sistema ng reserbasyon (50 na lugar sa buong bansa), sistema ng paglalaan ng site para sa bawat seksyon ng white sandy beach , pagpili at promosyon ng liblib na beach. · Imungkahi ang tungkol sa bawal na pag-inom at pagkain sa gabi
② Mga pasilidad ng libangan tulad ng mga water park at iba pa	· Ipahayag ang bilang ng mga gumagamit at magbigay ng impormasyon, markahan ang agwat ng distansya ng lugar nang hintayan · Limitahan ang bilang ng mga taong gumagamit ng pampublikong espasyo, ipagamit ang kabinet na may isang pagitan, · ipagamit ang mga lugar na pahingaan na nasa labas
③ Lambak·Ilog	· Maglagay ng tent, mats at iba pa, panatilihin ang distansya (2m pataas) · Pangasiwaan ang bilang ng mga taong gumagamit sa mga pampublikong pasilidad at sa mga iba,t-ibang gamit na pasilidad.
④ Pangunahing lugar ng turismo	· Imungkahi na limitahan ang bilang ng mga taong pasakayin sa cable car (sa loob ng 50%) · limitahan ang bilang ng gumagamit, markahan ang agwat ng distansya sa bilihan ng tiket at iba pa · one-way operation · Imungkahi na iwasan ang paggamit sa paradahan ng mga malalaking bus at ipagbawal ang pagparada sa mga lugar na malalapit sa atraksyon ng mga turista.
⑤ Pambansang parke at iba pa	· Imungkahi na limitahan ang bilang ng mga taong pasakayin ng cable car (sa loob ng 50%) · Iwasan ang paglilibot ng maramihan/pangkat, panatilihin.pangasiwaan ang tamang dami ng mga taong gumagamit sa panloob na pasilidad.
⑥ Iba pang mga pangunahing pasilidad	·(Zoo) Itakda at I-post ang bilang ng taong gumagamit ng panloob na may manonood na pasilidad ·(National Ecological Park) limitahan sa lahat ng oras ang bilang ng mga taong manood sa panloob na pasilidad , Pag-udyok sa paggamit ng mga panlabas na pasilidad sa pamamagitan ng pagdaos ng mga kaganapan gamit ang mga panlabas na pasilidad, at iba pa. ·(Bio-Resource Hall)magpareserba ng maaga sa internet, limitahan sa mababa 100 katao bawat oras, ipasara ang exhibition hall kung kinakailangan
⑦ Summer Festival	· Kung maaari, ito ay gaganapin nang hindi nagkikita personal(non-face-to-face) · kapag magdaos ng face-to-face na festival pagtuonan na gawin ito sa labas, imungkahi na magpareserba sa online, limitasyon sa kapasidad na papasukin, paghiwalayin ang pasukan(entrance) at labasan(exit), isahang direksiyon ng patunguhan, iwasan ang pagbibigay ng kaganapan at pangkatang pagkain
2. Tuluyan, aliwan, at pasilidad ng transportasyon	
① Pasilidad ng Akomodasyon	Limitasyon sa pagpapareserba ng higit sa 5 katao (8 miembro para sa malapit na pamilya)
② Pasilidad ng mga libangan at iba pa	·Sundin ang oras ng pagbukas at sarado(business hours), limitahan ang bilang ng mga taong maaring gagamit, pangasiwaan ang listahan ng mga bawat pumapasok, I-tsek ang temperatura ng lagnat (aktibong inspeksyonin ng mga empleyado) ang may mga sintomas

③ Pasilidad ng transportasyon	·Istasyon ng riles, terminal, paliparan : mag install ng thermal imaging camera(thermographic camera), paghiwa-hiwalayin ang ruta ng mga pasahero, sariling pagcheck-in at iba pa paganahin ang paraan ng pagsakay ng di harapan(non face-to-face boarding procedure), paglalagay ng mga hand sanitizers at iba pa. · Lugar ng pahingaan(Rest/Service Area) : mag install ng mga transparent shields sa mesa ng mga restawran at cafe , maggawa ng listahan ng mga pumapasok, paghiwalayin ang ruta ng mga gumagamit, maglagay ng mga hand sanitizers, maglagay ng minimum na oras sa pananatili at iba pa
3. Lugar ng bakasyunan sa loob ng siyudad·panonood ng isports na panlabas(outdoor sports)	
①Museo· Museo ng Sining	· Ipagbigay alam ang bilang ng maaring gagamit at ipatupad ang reserbasyon
② Bulwagan ng Konsiyerto (Concert Hall)	· Hangga't maari imungkahi ang pagpareserba sa online, maggawa ng pagkakaibang oras para sa mga manonood na papasok. · hikayatin na hiwalayin ang bilang ng mga taong gumagamit sa mga sari-saring gamit na pasilidad, iwasang magdala ng pagkain o kumain sa loob. · Para masunod ang social distancing maglagay ng sticker sa sahig · Imungkahi na gamitin ang panlabas na silid para sa paninigarilyo(outdoor smoking room)
③ Sinehan	· magsuot ng mask, hangga't maari magpareserba online · maggawa ng pagkakaibang oras para sa mga manonood na papasok.
④ Baseball. Soccer at iba pa	· Imungkahi ang pagpareserba online, paggamit ng mga sariling item at iba pang mga gamit para sa cheering. · Maghanda ng lugar para sa mga taong gumagamit kung sakaling may sintomas mayroong lugar na maaring mapaghintayan · Pakiiwasan ang mga aktibidad at kaganapan na maging sanhi na magkalapit ang mga tao

<Isinalin sa Danuri Call Center 1577-1366>